# Ligtas, Malinis, at Gumaganang Bahay

**Release Date: Marso 1, 2019**

Ang mga aplikante mula sa Alaska na kwalipikadong tumanggap ng tulong pederal, ay maaaring tumanggap ng suporta para sa mga hindi isineguro o may kakulangan sa segurong mga kagamitan na kinakailangan para maibalik sa ligtas, malinis, at gumaganang kondisyon ang mga tahanan.

- Ang mga ligtas, malinis, at gumaganang bahay ay may kakayahang tumupad sa mga kinakailangang kondisyon:
  - Ang istruktura ng panlabas ay matibay, kasama doon ang mga pinto, bubong, at bintana.
  - Ang sistemang di-koryente, gaas, pag-init, tuberyas, at imburnal (septic system) ay gumagana nang maayos.
  - Ang istruktura ng mga tinitirahang lugar ng panloob ay matibay, kasama doon ang kisame at sahig.
  - Ang tahanan ay may kakayahang magamit para sa hinahangad na layunin.
  - Mayroong ligtas na daanan papasok at palabas ng tahanan.

Pagkasira ng Bahay na dulot ng Kalamidad at Inspeksyon sa Lugar

- Ang isang inspeksyon sa bahay mula sa FEMA ay kinakailangan upang maitala ang kapinsalaan na nasasakop sa loob ng parametro ng ligtas, malinis, at gumagana.

- Bibisitahin ng isang inspektor ng FEMA ang nasirang bahay upang maitala ang kapinsalaan na naidulot ng kalamidad sa tahanan at pansiriling ari-arian ng aplikante, tulad ng kagamitang pambahay, kasangkapan sa bahay (appliances), mga sasakyan at mga kinakailangang kagamitan para sa pang-araw-araw na gawain sa bahay. Nagbibigay ng ispesipikong mga pamantayan ang FEMA na dapat sundin ng mga inspektor.

- Itinatala ng mga inspektor ng FEMA ang mga nakitang sira, kasama ang impormasyon na ibinigay ng aplikante, pero hindi sila ang magpapasya kung kwalipikado ang aplikante para makatanggap ng tulong mula sa isang kalamidad.

- Maaari ring kumuha ng litrato ang inspektor ng FEMA ng mga nasira upang makatulong itala ang mga kapinsalaang dulot ng kalamidad na nagdulot ng pagiging mapanganib, hindi matitirahan, at hindi mapupuntahan na tahanan ng aplikante. Gayunman, maaaring hindi makita ng inspektor ang lahat ng mga sira, dahil hindi nila masisiyasat ang mga lugar na delikado para sa kanilang puntahan, tulad ng atik at masisikip na lugar na magagapangan lamang, o hindi makita ang sira (halimbawa, natakpan ng niyebe o snow.)

- Para sa mga may-ari ng bahay, pagbabasehan ang kakayahang matirahan ang bahay sa naitalang pinsalang dulot ng kalamidad.

- Para sa mga umuupa, pagbabasehan ang kakayahang matirahan ang tirahan sa pinsalang dulot ng kalamidad na hindi napaayos noong panahon ng inspeksyon. Walang panangutan ang mga umuupa sa nasirang tirahan, samakatuwid kung ang pagpapaayos ay ginawa o ginagawa, itatala ng inspektor ang konsidyon sa panahon ng inspeksyon.

- Ang mga beripikadong kawalan na napagpasiyahan ng FEMA ay sari-sari dahil magkaiba ang sitawsyon ng bawat aplikante. Ang mga panggastos na lalagpas sa kaunting pagpapapagawa na gawing ligtas, malinis, at gumagana ang isang bahay ay hindi kwalipikado.

- Ang pagkasira sa bahay ay dapat idinulot ng kalamidad, ngunit mayroong mga pangyayari kung saan ang pagkasira ay hindi makakaapekto sa kakayahang manirahan nang ligtas sa pamamahay. Habang may mga aplikanteng nakaranas ng pagkasira sa pundasyon ng kanilang mga tahanan, maaaring hindi harangin ng pagkasira ang kakayahan ng naninirahang tumira sa

tahanan.

- Ang namamahalang awtoridad ng FEMA na nagpapatupad ng batas ay nagbibigay pahintulot lamang sa pagbibigay ng pondo para gawing ligtas, malinis, at gumagana ang mga tinitirahang lugar ng isang tahanan.
- Ang mga karagdagang magpagkukunan, maliban sa seguro at FEMA, gaya ng SBA, ang Estado ng Alaska, at mga boluntaryo na organisasyon, ay maaaring makatulong ibalik ang mga tahanan ng mga aplikante sa kondisyon bago nangyari ang kalamidad. Bagaman may mga ibang pagkasira, na hindi nagdudulot ng dahilan upang hindi maaaring tirahan ang isang tahanan, na maaaring maging malaki, inaasahan na gagamit ng ibang paraan ang mga indibidwal o may-ari ng bahay upang mapagawa ang sira sa pamamagitan ng ibang paraan.

FEMA Assistance

- Ang tulong ng FEMA ay hindi tulad sa seguro. Ang tulong ay nagbibigay lamang ng pangunahing pangangailangan para matirahan ang isang tahanan – tulad ng palikuran, bubong, mahalagang kagamitan, bintana at pinto. Ang mga halimbawa ng mga bagay na hindi sakop ay ang mga hindi mahalagang aparador at mga pinto ng garahe.

Halimbawa

- Kasangkapan: Ang FEMA ay maaaring tumulong na palitan o ipaayos ang mga sirang dulot ng kalamidad sa pugon (furnace) at mga pang-init ng tubig (hot water heaters). Ang mga hindi mahalagang kagamitan gaya ng makinang panghugas (dishwasher) at gamit panglibangan (home entertainment) ay hindi masasakop.

- Pagkasira ng Kisame at Bubong: Ang FEMA ay maaaring makatulong sa pagpapaayos ng mga tulo na dulot ng kalamidad na nakasira ng kisame at makakabanta sa mga elektrikal na bahagi gaya ng pang-ibabaw na ilaw (overhead lights). Ang panggastos sa pagpapaayos ng maliliit na mantsa mula sa mga tulo sa bubong ay hindi mababayaran.

- Pundasyon (Foundations): Ang FEMA ay maaaring makatulong sa pagpantay at pagpapatag ng tahanan upang ito ay maging ligtas na matirhan, tulong sa paupa habang ang ang mga karagdagang ayos ay tinatapos, o pondo para sa isang propesyonal upang lalong suriin ang saklaw ng pagkasara.

- Sahig: Ang FEMA ay maaaring makatulong upang mapaayos ang pundasyon ng sahig sa mga parte ng tahanan na inookupahan na nasira dulot ng kalamidad.

- Mga Bintana: Ang FEMA ay maaaring makatulong sa mga nasirang bintana dulot ng kalamidad, ngunit hindi sa persyana (blinds) at kurtina (drapes)

- Balon, Imburnal (Septic), Pribadong Kalsada: Ang FEMA ay maaaring makatulong sa mga bagay na hindi kalimitang sakop ng seguro gaya ng balon, pribadong imburnal at/o mga pribadong daanan

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang Patnubay ng Programa para sa mga Pinagsamang Indibidwal at Sambahayan (Individuals & Households Program Unified Guidance), na maaaring makita sa fema.gov-ihp-unified-guidance.